

Intrasentential Code-switching sa Klasrum: Kalakasan at Kahinaan sa Pagkatuto ng Wika ng mga Mag-Aaral

Intrasentential Code-switching in the Classroom: Strength and Weakness of Students in Language Learning

Farhanie C. Panambulan¹, Amierah A. Rangiris²

¹²Mindanao State University-Main Campus

*Korespondensiyang awtor: panambulan.fc021@s.msumain.edu.ph

Natanggap: Hunyo 10, 2026

| Nirebisa: Hunyo 25, 2026

| Tinanggap: Hulyo 10, 2026

| Inilathala: Hulyo 27, 2026

Abstrak (Filipino)

Ang pagiging *bilingual* o *multilingual* ang nagiging dahilan ng pagkakaroon ng *code-switching*. Ang *code-switching* ay kadalasang nangyayari sa isang lugar na kung saan ang mga ispiker ay may kakayahang magpalit ng dalawang magkaibang wika sa isang pangungusap o parirala. Ang *code-switching* ay karaniwang ginagamit ng mga mag-aaral batay sa maraming pag-aaral na naisagawa ukol dito, ngunit nananatiling limitado ang mga pag-aaral sa mga dahilan ng paggamit ng *code-switching* at hindi sa mga uri nito. Layunin ng pananaliksik na ito na alamin ang mga kalakasan at kahinaan ng paggamit ng *intrasentential code-switching* sa loob ng klasrum. Gayundin, ang implikasyon nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral mula sa ikasampung baitang mula sa isang pampublikong paaralan. Gumamit ang mga mananaliksik ng sarbey kwestiyoneyr na hango sa iba't ibang mga pag-aaral. May bilang na dalawang daan at labindalawa (212) ang naging respondente ng mga mananaliksik. Natuklasan sa pag-aaral na ang *intrasentential code-switching* na madalas ginagamit ng mga mag-aaral mula sa ikasampung baitang ay Filipino-Meranaw. Sumunod dito ang Filipino-English. Ang mga mag-aaral ay positibong tumatanggap sa paggamit ng *code-switching* bilang kasangkapan sa pag-aaral. Sa huli, iminumungkahi ng mga mananaliksik ang paggamit ng *intrasentential code-switching* sa pagtalakay ng mga mag-aaral sa kanilang klase kung ito ay nakatutulong upang mas maunawaan ang paksang aralin.

Abstract (English)

Bilingualism or multilingualism is basically the result of the occurrence of code-switching. Code-switching commonly occurs in contexts where speakers have the ability to shift between two different languages within a sentence or phrase. Code-switching is commonly used by students based from many studies that have been conducted on it. However, studies focusing on the reasons for using code-switching, rather than its types, remain limited. This study aimed to determine the strengths and weaknesses of using intrasentential code-switching in the classroom, as well as its implications for the learning of Grade 10 students from a public school. The researchers used a survey questionnaire adapted from various studies. A total of two hundred twelve (212) respondents participated in the study. The findings revealed that the most frequently used form of intrasentential code-switching among Grade 10 students was Filipino-Meranaw, followed by Filipino-English. The students are positive in accepting the use of code-switching as a tool for their learning. Finally, the researchers recommend the use of any form of intrasentential code-switching in classroom discussions, provided that it helps students better understand their subject matter.

Susing-salita: Intrasentential Code-switching, Kalakasan, Kahinaan, Pagkatuto ng wika, Klasrum

Keywords: Intrasentential Code-switching, Advantage, Disadvantage, Language Learning, Classroom

Pagsipi (To cite):

Panambulan, F. & Rangiris, A. (2026). Intrasentential Code-switching sa Klasrum: Kalakasan at Kahinaan sa Pagkatuto ng Wika ng mga Mag-aaral. *Sindaw Journal*, 1(1), 103-114. <https://doi.org/10.5281/zenodo.22063864>



1. Introduksyon

Ang wika ang isa sa mga pangunahing instrumentong ginagamit ng mga tao upang makipagkomunikasyon sa kanilang kapwa. Ito ang nagsisilbing sangkap upang magkaunawaan ang mga tao. Pinapadali nito ang pakikipagkomunikasyon ng mga tao. Kung wala ito, mahihirapang makipagkomunikasyon ang mga tao. Sa paaralan, wika rin ang pangunahing ginagamit ng mga guro sa kanilang pagtuturo at sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa kasalukuyang panahon, ang wika ay hindi lamang isang simpleng daluyan ng komunikasyon; ito ay isang makapangyarihang kasangkapan na nag-uugnay sa mga tao, kultura, at ideya. Ang Pilipinas ay kilala bilang isang multilinggwang bansa. Ayon kay Nolasco (2008), ang Pilipinas ay mayroong higit sa 170 na bilang ng mga wika. Ang paggamit ng iba't ibang wika ay isang pangkaraniwang pangyayari sa Pilipinas, lalo na sa mga mag-aaral. Batay kay Martin (2014), karamihan sa mga Pilipino ay pinaniniwalaang may kakayahang magsalita nang higit sa isang wika.

Ang pagiging *bilingual* o *multilingual* ng mga mag-aaral sa Pilipinas ang nagiging dahilan nang pagkakaroon ng *code-switching*. Ito ay kadalasang nangyayari sa isang lugar kung saan ang mga ispiker ay may kakayahang magpalit ng dalawang magkaibang wika sa isang pangungusap o parirala (Mabule, 2025). Ayon sa pagpapakahulugan ni Myers-Scotton (1993), ang *code-switching* ay ang paglipat ng isang nagsasalita mula sa isang wika patungo sa iba pang wika, sa loob ng isang kumbersasyon o teksto.

Ang terminong *code* ay tumutukoy sa lengguwahe, dayalekto, o mga istilo ng pagsasalita, habang ang terminong *switch* ay nagsasaad sa paghalili o pagpalit sa pagitan ng maraming lengguwahe, dayalekto, o istilo (Gardener-Chloros, 2009). Batay kay Albarrilo (2018), ang terminong *code-switching* ay naunang ginamit ni Gumperz noong 1960. Ipinakilala naman ni Poplack (1980) ang tatlong uri ng *code-switching*: *tag-switching*; *intersentential*; at *intrasentential*. Ang tatlong uri ng *code-switching* na ito ay kadalasang ginagamit ng mga mag-aaral sa loob ng klasrum. Sa pananaliksik na ito, nakatuon ang mga mananaliksik sa pagsusuri ng *intrasentential code-switching* sa isang pampublikong paaralan, partikular ang mga mag-aaral mula sa ikasampung baitang

Sa kabila ng maraming pag-aaral tungkol sa *code-switching* sa konteksto ng edukasyon, karamihan sa mga ito ay nakatuon lamang sa pangkalahatang paggamit, uri, at pananaw ng mga mag-aaral hinggil dito. Ilan sa mga pag-aaral ay tumatalakay sa epekto ng *code-switching* sa pag-unawa at partisipasyon ng mga mag-aaral, gayundin sa papel nito sa isang *multilingual* na klasrum.

Gayunpaman, limitado pa rin ang mga pag-aaral na partikular na nakatuon sa *intrasentential code-switching* bilang hiwalay na kategorya ng pag-aaral, lalo na sa konteksto ng mga mag-aaral na Meranaw. Dagdag pa rito, kakaunti rin ang mga pananaliksik na sumusuri sa kung paano nagiging bahagi ng pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon sa loob ng klasrum ang Filipino-Meranaw na *Intrasentential code-switching*.

Kaugnay nito, kinakailangan ang mas malalim na pagsusuri sa *intrasentential code-switching* sa konteksto ng mga mag-aaral na Meranaw, partikular sa antas ng sekondarya. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa kalakasan at kahinaan ng paggamit nito bilang madalas na ginagamit na uri ng *intrasentential code-switching*. Layunin ng pag-aaral na punan ang kakulangan sa umiiral na literatura sa pamamagitan ng pagbibigay ng ebidensya ng mga kalakasan at kahinaan ng paggamit ng *intrasentential code-switching* at implikasyon nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral bilang mahalagang estratehiya sa pakikipagkomunikasyon at pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng klasrum.

2. Metodo

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong kwantitatibo bilang disenyo ng pananaliksik upang mailarawan ang mga pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng *intrasentential code-switching* sa loob ng klasrum. Ang mga kalahok ay binubuo ng 212 mag-aaral mula sa ikasampung baitang ng MSU-Integrated Laboratory School. Gumamit ng isang talatanungan na inangkop mula sa mga naunang kaugnay na pag-aaral at sumailalim ito sa balidasyon ng mga eksperto. Bago ang aktuwal na pangangalap ng datos, isinagawa ang *pilot testing* upang masukat ang pagiging *reliable* ng instrumento. Batay sa resulta ng *Cronbach's Alpha*, napatunayang may mataas na antas ng *reliability* ang talatanungan kaya itinuring itong angkop na gamitin sa aktuwal na pangangalap ng datos.

Matapos makuha ang kinakailangan pahintulot mula sa pamunuan ng paaralan, isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng pagbibigay ng sarbey sa mga respondente. Bago ang kanilang paglahok, ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral at isinagawa ang *informed consent*, kabilang dito ang pagkuha ng pahintulot mula sa mga magulang o tagapagalaga para sa mga respondente na menor de edad. Tiniyak din ang pagiging kompidensiyal ng kanilang pagkakakilanlan at boluntaryo ang kanilang paglahok alinsunod sa mga pamantayang etikal sa pananaliksik. Matapos makalap ang mga datos, sinuri ang mga ito gamit ang deskriptibong estadistika, partikular ang dalas, porsiyento, at moda, upang mailarawan at mabigyan ng kahulugan ang mga tugon ng mga respondente.

3. Resulta at Diskusyon

Para sa demograpikong propayl ng pinagkunan ng datos, inilalahad una sa bahaging ito ang mahalagang impormasyon na ito. Karamihan sa mga respondente ay nasa edad na labing-anim (16), na siyang karaniwang edad ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang. Sa baitang na ito, inaasahang mas mataas ang kanilang kakayahang gumamit ng higit sa isang wika sa pakikipagkomunikasyon sa loob ng klasrum. Nakita rin na mas marami ang babaeng respondente kaysa sa mga lalaki. Ngunit, hindi ito nangangahulugan na ang kasarian ang pangunahing salik sa paggamit ng *intrasentential code-switching*. Sa halip, ipinakikita lamang nito ang distribusyon ng mga kalahok sa pag-aaral. Nakita rin sa pag-aaral na ang dahilan ng malaking bilang ng mga respondenteng Muslim ay kumakatawan sa demograpiko ng Marawi City, Lanao del Sur. Kabilang ito sa isang komunidad na may matatag na pagkakakilanlan pagdating sa kultura at wika.

Samantala, ang Meranaw ang wikang ginagamit ng karamihan. Bilang unang wika ng mga mag-aaral, nagsisilbing pangunahing batayan ang Meranaw sa kanilang pakikipag-usap sa loob ng klasrum. Gayon din, karamihan sa mga respondente ay nagpapakita ng malawak na paggamit ng Filipino bilang ikalawang wika. Kaugnay nito, parehong aktibong ginagamit ang Filipino at Meranaw sa kaning pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon, at naging pangkaraniwan ang Filipino-Meranaw bilang uri ng *intrasentential code-switching* sa loob ng klasrum.

Inilahad sa inilabas na artikulo ng *Department of Education* tungkol sa *Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) policy* sa Pilipinas, o mas kilala bilang *DepEd Order No.74, s.2009*, ang *mother tongue* ay ginagamit bilang pangunahing medium ng pagtuturo sa unang mga baitang ng edukasyon upang mapadali ang pagkatuto ng mga estudyante bago ituro ang Filipino at Ingles bilang mga pangalawang wika sa paaralan. Bagaman binawi ang polisiyang ito, nananatili pa ring ginagamit ang unang wika upang makatulong sa pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral sa ilang komunidad kung ito ay kinakailangan. Bukod pa rito, ang karaniwang mamamayan ay gumagamit ng lokal na wika sa kanilang komunidad kung kaya't ito ay natutuhan ng mga mag-aaral at nadadala ito sa kanilang paaralan.

Hindi lamang ang polisiyang ito ang dahilan ng mataas na paggamit ng Filipino-Meranaw. Ipinakikita ng resulta ng pag-aaral na ang mga respondente ay may kakayahang gamitin ang Filipino at Meranaw nang salitan nang hindi naaapektuhan ang kahulugan ng kanilang mensahe. Kaugnay dito, ang paggamit ng Filipino-Meranaw ay hindi dapat ituring na pagkakamali sa paggamit ng wika, kundi isang manipistasyon ng kanilang bilingguwal na kakayahan.

Dagdag pa rito, ipinaliwanag naman ni Myers-Scotton (1993) na ang *code-switching* ay isang likas na estratehiya ng mga bilingguwal na tagapagsalita upang maging mas angkop, malinaw, at episyente ang pakikipagkomunikasyon batay sa sitwasyon at sa kanilang kausap. Sa pag-aaral na ito, ang Meranaw ang pangunahing wika ng karamihan sa mga respondente samantalang Filipino ang pangunahing wikang panturo kung kaya ay nagiging natural ang paglipat mula sa isang wika patungo sa isa pa habang nagpapaliwanag, nagtatanong, o nakikipagtalakayan sa loob ng klasrum.

Samakatuwid, ang mataas na paggamit ng Filipino-Meranaw bilang *intrasentential code-switching* ay hindi lamang bunga ng polisiyang itinadhana ng pamahalaan, kundi repleksiyon din ito ng pagiging multilinggwal ng isang komunidad. Ipinakikita nito na ang *code-switching* ay isang likas na bunga ng bilingguwal na kakayahan ng mga mag-aaral at isang epektibong estratehiya sa pakikipagkomunikasyon sa loob ng klasrum.

Talahanayan 1. Kalakasan ng Intrasentential Code-Switching sa loob ng klasrum

Mga Indikaytor	Lubos na sumasang-ayon		Sang-ayon		Hindi gaanong sumang-ayon		Hindi Sang-ayon		Lubos na hindi sang-ayon		Mode	Qualitative Description
	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%		
1. Dapat gamitin ang <i>code-switching</i> sa loob ng klasrum.	43	20.3	92	62	43.4	29.2	7	3.3	8	3.8	4	Sang-ayon
2. Nakatutulong ang paggamit ng <i>code-switching</i> sa loob ng klasrum sa pag-unawa ko sa mga asignatura.	91	42.9	85	40.1	27	12.7	3	1.4	6	2.8	5	Lubos na sumasang-ayon
3. Nakatutulong sa akin ang <i>code-switching</i> na mag-enjoy sa mga diskurso.	77	36.3	92	43.4	33	15.6	3	1.4	7	3.3	4	Sang-ayon
4. Nagiging mas kumpanya ako sa pag-aaral ng ibang asignatura dahil sa <i>code-switching</i> .	69	32.5	85	40.1	47	22.2	5	2.4	6	2.8	4	Sang-ayon
5. Nakatutulong sa akin ang <i>code-switching</i> upang makapag-pokus ako sa aralin nang hindi ko inaalala ang mga salitang hindi ko maintindihan.	71	33.5	89	42.0	36	17.0	9	4.2	7	3.3	4	Sang-ayon
6. Nakatutulong sa akin ang <i>code-switching</i> na maging aktibo sa paglahok sa mga aktibidad sa loob ng klasrum.	66	31.1	89	42.0	39	18.4	14	6.6	4	1.9	4	Sang-ayon

7.	Mahirap sa akin ang matuto kapag hindi gumagamit ng <i>code-switching</i> ang guro para ipaliwanag ang mga bagong salita/ paksa/ konsepto.	48	22.6	78	36.8	45	21.2	31	14.6	10	4.7	4	Sang-ayon
8.	Ginagamit ko ang <i>code-switching</i> kapag hindi ko maipahayag ang aking sarili.	94	44.3	80	37.7	28	13.2	4	1.9	6	2.8	5	Lubos na sumasang-ayon
9.	Nakatulong sa akin ang paggamit ng <i>code-switching</i> upang mapanatili ko ang daloy ng usapan.	97	45.8	79	37.3	28	13.2	7	3.3	1	.5	5	Lubos na sumasang-ayon
10.	Ginagamit ko ang <i>code-switching</i> upang magtanong sa loob ng klasrum.	58	27.4	90	42.5	46	21.7	14	6.6	4	1.9	4	Sang-ayon
11.	Ginagamit ko ang <i>code-switching</i> upang makapag-balik tanaw sa mga aralin sa loob ng klasrum.	41	19.3	99	46.7	53	25.0	14	6.6	5	2.4	4	Sang-ayon
12.	Ginagamit ko ang <i>code-switching</i> kapag nakikipag-usap ako sa aking mga kaklase na nagsasalita ng parehong wika.	75	35.4	86	40.6	40	18.9	8	3.8	3	1.4	4	Sang-ayon
13.	Ginagamit ko ang <i>code-switching</i> sa aking mga kaklase upang talakayin ang panuto.	60	28.3	97	45.8	45	21.2	7	3.3	3	1.4	4	Sang-ayon
14.	Ginagamit ko ang <i>code-switching</i> kapag nagpapaliwanag ng mahirap na mga salita at pangungusap sa aking mga kaklase.	108	50.9	76	35.8	20	9.4	6	2.8	2	.9	5	Lubos na sumasang-ayon
15.	Ginagamit ko ang <i>code-switching</i> sa aking mga ka-grupo pagkatapos naming matapos ang isang gawain sa loob ng klasrum.	63	29.7	100	47.2	43	20.3	5	2.4	1	.5	4	Sang-ayon
16.	Ginagamit ko ang <i>code-switching</i> sa aking mga kaklase kapag may aktibidad sa loob ng klasrum.	59	27.8	100	47.2	40	18.9	8	3.8	5	2.4	4	Sang-ayon
17.	Ginagamit ko ang <i>code-switching</i> kapag may nais akong ipaliwanag na mga mahihirap na mga termino sa aking mga kaklase.	95	44.8	84	39.6	24	11.3	7	3.3	2	.9	5	Lubos na sumasang-ayon

18. Nais kong hayaan ako ng guro na isalin ang ingles papunta sa pagpapakahulugan nito sa aking unang wika.	32	15.1	79	37.3	70	33.0	25	11.8	6	2.8	4	Sang-ayon
19. Gumagamit ako ng <i>code-switching</i> kapag hindi ko naiintindihan sa unang wika.	80	37.7	96	45.3	31	14.6	3	1.4	2	.9	4	Sang-ayon
20. Kung maaari ay isalin ng direkta ng guro mula sa wikang ingles sa unang wika.	34	16.0	81	38.2	77	36.3	17	8.0	3	1.4	4	Sang-ayon
21. Gumagamit ako ng <i>code-switching</i> dahil komportable na akong gamitin ito.	82	38.7	83	39.2	34	16.0	10	4.7	3	1.4	4	Sang-ayon
22. Gumagamit ako ng <i>code-switching</i> kapag hindi ko mahanap ang tamang termino kapag pagpapaliwanag ng ako ng aking saloobin.	100	47.2	75	35.4	29	13.7	5	2.4	3	1.4	5	Lubos na sumasang-ayon
23. Gumagamit akong <i>code-switching</i> dahil nakaugalian ko na ito.	78	36.8	73	34.4	44	20.8	14	6.6	3	1.4	5	Lubos na sumasang-ayon
24. Gumagamit ako ng <i>code-switching</i> kahit marunong na akong gumamit ng wikang ingles at wikang Filipino.	28	13.2	54	25.5	50	23.6	45	21.2	35	16.5	4	Sang-ayon

Iskala: 5 - Lubos na sumasang-ayon, 4 - Sang-ayon, 3 - Hindi gaanong sumasang-ayon, 2 - Hindi sang-ayon, at 1 - Lubos na hindi sang-ayon.

Maraming pahayag ang nakapagtala ng lubos na sumasang-ayon, na nagpapakita ng positibong pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng *intrasentential code-switching* sa loob ng klasrum. Kabilang sa mga may pinakamataas na antas ng pagsang-ayon ang mga pahayag na nagsasabing nakatutulong ang *code-switching* sa pag-unawa sa mga asignatura, sa pagpapaliwanag ng mahihirap na salita at pangungusap, sa pagpapanatili ng daloy ng usapan, at sa paghahanap ng tamang termino kapag nagpapahayag ng sariling saloobin. Ipinakikita ng mga resultang ito na ang pangunahing pakinabang ng *intrasentential code-switching* ay hindi lamang ang pagpapalit ng wika, kundi ang pagpapadali ng pagbuo at pagpapahayag ng kahulugan sa loob ng proseso ng pagkatuto sa loob ng klasrum.

Ayon nga sa *communicative competence* ni Hymes (1972), na nagsasaad na ang tunay na kahusayan sa komunikasyon ay hindi lamang nasusukat ng kaalaman sa tuntunin ng wika kundi sa kakayahang gamitin ito nang angkop batay sa sitwasyon at layunin ng pakikipag-usap. Sa pag-aaral na ito, ginagamit ng mga mag-aaral ang *intrasentential code-switching* upang mapanatili ang tuloy-tuloy na pakikipagkomunikasyon kahit hindi nila agad mahanap ang angkop na salita sa

isang wika. Sa halip na huminto sa pagsasalita o mawalan ng kumpiyansa, lumilipat sila sa wikang mas pamilyar sa kanila upang maipagpatuloy ang pagpapahayag ng kanilang ideya.

Ayon din kay Gumperz (1960), ang *code-switching* ay isang *contextualization cue*. Batay dito, ang pagpapalit ng wika ay hindi basta paghahalo ng dalawang wika, kundi isang estratehiyang ginagamit ng mga tagapagsalita upang linawin ang kahulugan ng mensahe, bigyang-diin ang mahalagang impormasyon, at mapanatili ang maayos na daloy ng interaksyon. Sa pag-aaral na ito, ginagamit ng mga mag-aaral ang Filipino at Meranaw upang maging mas malinaw ang pagpapaliwanag ng mga konsepto, mas madaling makapagtanong, at mas aktibong makilahok sa mga talakayan sa loob ng klasrum. Dagdag pa rito, nagiging intrumento ang *code-switching* sa pagbuo ng mas epektibong komunikasyon sa loob ng klasrum. Sinuportahan din ni Malik (1994) ang mga natuklasan sa pag-aaral sa kaniyang paliwanag na ang *code-switching* ay ginagamit ng mga bilingguwal na tagapagsalita sa iba't ibang layuning komunikatibo, kabilang ang pagpuno sa kakulangan sa bokabularyo, pagpapalinaw ng mensahe at pagpapahayag ng mga ideyang mas madaling maipaliwanag sa ibang wika. Ang mataas na antas ng pagsang-ayon ng mga respondente sa mga pahayag tungkol sa paghahanap ng tamang termino at pagpapaliwanag ng mahihirap na salita ay nagpapakita na ang *intrasentential code-switching* ay nagsisilbing praktikal na estratehiya upang mapanatili ang malinaw at tuloy-tuloy na komunikasyon habang nasa klasrum.

Ang natuklasang ito ay maipaliliwanag rin sa pamamagitan ng pagsasaad na ang wika ay pangunahing kasangkapan sa pag-iisip, pagkatuto, at pagbuo ng kaalaman. Sa pananaw na ito, ang paggamit ng *intrasentential code-switching* ay nagsisilbing isang anyo ng *scaffolding* na tumutulong sa mga mag-aaral na maiugnay ang mga bagong konsepto sa kanilang dating kaalaman at sa wikang higit nilang nauunawaan. Dahil dito, nababawasan ang *cognitive load* na dulot ng paggamit ng iisang wika lamang at nagiging mas madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga abstraktong konsepto bago nila ganap na magamit ang target na wika sa akademikong diskurso. Samakatuwid, ipinakikita sa talahanayan na ang *intrasentential code-switching* ay hindi lamang isang paraan ng pagpapalit ng wika kundi isang mahalagang estratehiya sa pagpapadali ng pagkatuto, pagpapalawak ng pag-unawa, at pagbuo ng kaalaman sa loob ng klasrum. Bagaman karamihan sa mga pahayag ay nakakuha ng mataas na antas ng pagsang-ayon, kapansin-pansin na ang mga *indicator* na may kaugnayan sa pagnanais ng direktang isinalin ng guro ang wikang Ingles sa unang wika ay nanatili lamang sa antas na sang-ayon. Ipinakikita nito na bagaman kinikilala ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng paggamit ng kanilang unang wika bilang suporta sa pagkatuto, hindi nila inaaasahang ito lamang ang maging pangunahing midyum sa pagtuturo. Sa halip, mas pinahahalagahan nila ang isang *flexible bilingual pedagogy* kung saan ang paggamit ng unang wika ay nagsisilbing pansuportang estratehiya sa pagpapaliwanag ng mahihirap na konsepto, habang nananatili pa ring mahalaga ang paggamit ng Filipino at Ingles sa paglinang ng kanilang kasanayang akademiko at pangkomunikasyon.

Ang natuklasang ito ay maiuugnay sa pag-aaral nina Cummins hinggil sa *bilingual education* at sa konsepto ng *Common Underlying Proficiency* na nagsasabing ang kasanayan sa unang wika ay maaaring magsilbing pundasyon sa paglinang ng ikalawang wika sa halip na maging hadlang dito. Kaugnay nito, ang paggamit ng Meranaw bilang pansuportang wika ay hindi humahadlang sa pagkatuto ng Filipino o Ingles, kundi nagsisilbing tulay upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga konseptong akademiko at unti-unting mapaunlad ang kanilang kakayahan sa paggamit ng mga target na wika. Samakatuwid, ipinakikita ng resulta na higit na pinahahalagahan ng mga respondente ang balanseng paggamit ng kanilang mga wika kaysa sa eksklusibong paggamit ng alinman sa mga ito sa loob ng klasrum. Ang paghahambing sa mga pahayag na may pinakatamaas at pinakamababang antas ng pagsang-ayon ay nagpapakita ng isang mahalagang patern ng persepsyon ng mga respondente hinggil sa paggamit ng *intrasentential code-switching* sa loob ng klasrum. Batay sa mga resulta, higit na mataas ang antas ng pagsang-ayon sa

mga pahayag na tumutukoy sa paggamit ng *code-switching* upang maipahayag ang sariling saloobin, mahanap ang angkop na termino, at mapanatili ang daloy ng komunikasyon kaysa sa mga pahayag na nagsasaad ng pagnanais na madalas na pagsalin ng guro ng mga aralin sa kanilang unang wika. Ipinahihiwatig ng pagkakaibang ito na mas pinahalalagahan ng mga respondente ang paggamit ng *code-switching* bilang isang estratehiyang magagamit sa pag-unawa at pagpapahayag ng kanilang mga ideya kaysa bilang isang pamamaraang lubos na nakabatay sa tulong ng guro. Dagdag pa rito, ipinakikita ng mga resulta na ang pangunahing tungkulin ng *intrasentential code-switching* sa pagkatuto ay hindi lamang bilang suporta sa pagtuturo ng mga guro, kundi bilang isang mahalagang kasangkapang pangkomunikasyon na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral upang mapanatili ang kalinawan ng kanilang pagpapahayag.

Samakatuwid, ipinakikita ng mga resulta na ang *intrasentential code-switching* ay hindi lamang isang karaniwang gawi sa paggamit ng wika kundi isang mahalagang komunikatibong estratehiya. Sa pamamagitan nito, nagiging epektibo ang pagpapahayag ng ideya, mas malinaw ang pag-unawa sa mga arakin, at mas aktibo ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing pangklasrum.

Talahanayan 2. Kahinaan ng Intrasentential Code-Switching sa loob ng klasrum

Mga Indekeytor	Lubos na sumasang-ayon		Sang-ayon		Hindi gaanong sumasang-ayon		Hindi Sang-ayon		Lubos na hindi Sang-ayon		Mode	Qualitative Description
	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%		
1. Hindi ko gusto kapag nagco- <i>code-switching</i> ang guro habang nagtuturo sa loob ng klasrum.	13	6.1	16	7.5	59	27.8	71	33.5	53	25.0	2	Hindi Sang-ayon
2. Mas gusto kong bawasan ang paggamit ng <i>code-switching</i> sa pag-aaral.	13	6.1	33	15.6	68	32.1	59	27.8	39	18.4	3	Hindi gaanong sumang-ayon
3. Mas gusto kong matuto na wala ang paggamit ng <i>code-switching</i> .	22	10.4	39	18.4	58	27.4	54	25.5	39	18.4	3	Hindi gaanong sumang-ayon
4. Mas gusto kong gamitin ng guro ang unang wika sa pag-aaral sa loob ng klasrum.	32	15.1	37	17.5	87	41.0	47	22.2	9	4.2	3	Hindi gaanong sumang-ayon
5. Mainam na gumamit ang guro ng isang wika lamang.	25	11.8	36	17.0	90	42.5	46	21.7	15	7.1	3	Hindi gaanong sumang-ayon
6. Habang nasa diskurso, mas naiintidihan ko ang diskurso kapag ginagamit ng guro ang aking unang wika.	33	15.6	58	27.4	76	35.8	35	16.5	10	4.7	3	Hindi gaanong sumang-ayon
7. Binibigyan ko ng atensyon ang aralin nang hindi nag-aalala sa mga hindi pamilyar na mga salita at mga pangungusap dahil ang guro ay gumagamit ng aking unang wika.	16	7.5	63	29.7	81	38.2	39	18.4	13	6.1	3	Hindi gaanong sumang-ayon
8. Nahihirapan akong intindihin ang aralin sa asignaturang Ingles	20	9.4	39	18.4	68	32.1	54	25.5	31	14.6	3	Hindi gaanong

	kapag purong ingles magsalita ang aking guro.												sumang-ayon
9.	Hindi ko ginagamit ang <i>code-switching</i> sa pakikipag-usap sa mga kaklase ko kahit na pareho kami ng <i>mother tongue</i> .	14	6.6	38	17.9	61	28.8	59	27.8	40	18.9	3	Hindi gaanong sumang-ayon
10.	Tingin ko ay hindi dapat gamitin nang balanse ang Ingles at ang unang wika sa pagtalakay sa mga aralin.	16	7.5	40	18.9	71	33.5	43	20.3	42	19.8	3	Hindi gaanong sumang-ayon
11.	May motibasyon at kompyansa akong matuto sa asignaturang Ingles kapag ginagamit ng aming guro ang unang wika namin.	17	8.0	53	25.0	89	42.0	43	20.3	10	4.7	3	Hindi gaanong sumang-ayon
12.	Hindi ako interesado kapag ang guro ay gumagamit ng iba pang wika kapag nagtuturo sa asignaturang Ingles.	17	8.0	35	16.5	75	35.4	48	22.6	37	17.5	3	Hindi gaanong sumang-ayon
13.	Mas naiintindihan ko ang mga aralin kapag gumagamit ang mga guro ng unang wika.	24	11.3	55	25.9	87	41.0	35	16.5	11	5.2	3	Hindi gaanong sumang-ayon
14.	Nahihirapan akong unawain ang aralin kapag ang guro ay hindi gumagamit ng unang wika sa pagpapaliwanag ng mga bagong salita/paksa/konsepto.	20	9.4	54	25.5	75	35.4	47	22.2	16	7.5	3	Hindi gaanong sumang-ayon
15.	May motibasyon ako at nagiging aktibo ako sa pagsali sa mga aktibidad sa loob ng klasrum kapag ang guro ay gumagamit ng unang wika sa pagtatalaga ng mga aktibidad.	23	10.8	61	28.8	88	41.5	34	16.0	6	2.8	3	Hindi gaanong sumang-ayon
16.	Hindi madali sa akin ang paggamit ng <i>code-switching</i> kapag hindi ko kayang ipahayag ang ang opinyon ko sa iisang wika.	65	30.7	61	28.8	54	25.5	26	12.3	6	2.8	5	Lubos na sumasang-ayon
17.	Kung maaari, nais kong bawasan ng guro ang paggamit ng unang wika sa pagtalakay sa mga aralin.	11	5.2	41	19.3	86	40.6	53	25.0	21	9.9	3	Hindi gaanong sumang-ayon
18.	Hindi ko ginagamit ang <i>code-switching</i> sa pagpapalitan ng usapan sa loob ng klasrum.	14	6.6	36	17.0	64	30.2	58	27.4	40	18.9	3	Hindi gaanong sumang-ayon
19.	Hindi ko ginagamit ang <i>code-switching</i> kahit mapapadali nito ang	13	6.1	33	15.6	60	28.3	51	24.1	55	25.9	3	Hindi gaanong sumang-ayon

	aking pagpapaliwanag sa loob ng klasrum.												
20.	Hindi ako gumagamit ng <i>code-switching</i> kahit madalas itong gamitin ng aking mga kaklase sa loob ng klasrum.	19	9.0	29	13.7	53	25.0	63	29.7	48	22.6	2	Hindi Sang-ayon
21.	Hindi ko maunawaan ang diskurso kapag gumagamit ng <i>code-switching</i> .	10	4.7	35	16.5	67	31.6	55	25.9	45	21.2	3	Hindi gaanong sumang-ayon
22.	Limitado ang pagpapahayag ko ng mga ideya kapag gumagamit ako ng <i>code-switching</i> .	18	8.5	41	19.3	67	31.6	46	21.7	40	18.9	3	Hindi gaanong sumang-ayon
23.	Hindi ako komportableng gamiting ang dalawang wika.	17	8.0	28	13.2	57	26.9	42	19.8	68	32.1	1	Lubos na hindi Sang-ayon
24.	Nahihirapan akong magsalita nang purong Tagalog at purong Ingles.	24	11.3	32	15.1	81	38.2	38	17.9	37	17.5	3	Hindi gaanong sumang-ayon

Iskala: 5 - Lubos na sumasang-ayon, 4 - Sang-ayon, 3 - Hindi gaanong sumasang-ayon, 2 - Hindi sang-ayon, at 1 - Lubos na hindi sang-ayon.

Lumabas na karamihan sa mga respondente ay hindi gaanong sumasang-ayon, hindi sumasang-ayon, o lubos na hindi sumasang-ayon sa mga negatibong pahayag tungkol sa paggamit ng *intrasentential code-switching* sa loob ng klasrum. Ipinahihiwatig nito na hindi itinuturing ng mga mag-aaral ang *code-switching* bilang hadlang sa kanilang pagkatuto, pakikipagkomunikasyon, o aktibong pakikilahok sa mga gawaing pangklasrum.

Kapansin-pansin na hindi sumang-ayon ang mga respondente sa mga pahayag na nagsasabing hindi nila gusto kapag gumagamit ng *code-switching* ang guro, hindi nila ginagamit ang *code-switching* sa pakikipag-usap sa kanilang mga kaklase, at hindi sila komportableng gumagamit ng dalawang wika. Ipinakikita ng mga resultang ito na tanggap ng mga mag-aaral ang paggamit ng higit sa isang wika bilang natural na bahagi ng kanilang pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon. Ito ay bunga ng kanilang sosyolingguwistikong kapaligiran, kung saan ang Meranaw at Filipino ay sabayang ginagamit sa tahanan, paaralan, at komunidad. Dagdag pa rito, dahil sa patuloy na pagkakalantad sa dalawang wika, nabuo sa mga mag-aaral ang mataas na antas ng *bilingual competence* na nagbibigay-daan upang malaya silang makapagpalit ng wika ayon sa hinihingi ng sitwasyon nang hindi ito nakaaapekto sa kanilang pag-unawa o pagkatuto.

Ayon nga sa *Markedness Model* ni Myers-Scotton na nagsasaad na ang pagpili ng wika ay nakabatay sa mga inaasahang pamantayang panlipunan sa isang partikular na komunidad. Sa konteksto ng pinag-aaralan, ang Filipino-Meranaw *intrasentential code-switching* ay maituturing na *unmarked choice* sapagkat ito ang karaniwang paraan ng pakikipagkomunikasyon ng mga mag-aaral sa loob at labas ng klasrum. Dagdag pa rito, hindi nila ito nakikita bilang paglabag sa tuntunin ng paggamit ng wika kundi bilang isang normal at angkop na estratehiya sa pakikipag-ugnayan at pagkatuto. Ipinakikita rin ng resulta na ang kanilang positibong pananaw sa *code-switching* ay hindi lamang bunga ng personal na kagustuhan, kundi repleksiyon ng kanilang *linguistic identity* at ng mga pamantayang umiiral sa kanilang multilingguwal na komunidad.

Ngunit, may ilang mga mag-aaral na nagmumungkahi na ang labis na paggamit ng *code-switching* ay nakasasagabal sa paglinang ng kasanayan sa target na wika. Ayon sa natuklasan ni Mzeil (2025), ang labis na paggamit ng *code-switching* ng mga mag-aaral sa United Arab Emirates

ay maaaring magdulot ng *language interference*, makahadlang sa paglinang ng *target language proficiency*, at makaapekto sa akademikong pagganap. Ang United Arab Emirates ay may magkaibang language policy, magkaibang status ng *target language*, at magkaibang sosyolingguwistikong sitwasyon kumpara sa Marawi. Dahil dito, ang epekto ng code-switching ay hindi maaaring gawing unibersal kundi nakadepende sa kontekstong pangwika, pang-edukasyon, at sosyokultural na kinabibilangan ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, ang mga respondente sa kasalukuyang pag-aaral ay mga mag-aaral na kabilang sa isang multilinggwal na komunidad, kung saan ang Meranaw at Filipino ay kapwa ginagamit sa paaralan. Samakatuwid, ipinahihiwatig ng resulta na may mahalagang papel ang lokal na kontekstong pangwika sa paggamit ng *intrasentential code-switching*.

Bagama't may mga naunang pag-aaral na nag-uulat na maaaring magkaroon ng negatibong epekto ang madalas na paggamit ng *code-switching*, gaya ng pag-aaral ni Mzeil (2025), hindi ito napatunayan sa kasalukuyang pag-aaral. Dagdag pa rito, ang *code-switching* ay hindi itinuturing ng mga mag-aaral na senyales ng kakulangan sa kakayahang pangwika, kundi isang natural at epektibong paraan ng pakikipagkomunikasyon. Sinuportahan din ito ng pag-aaral nina Elias et al. (2022) at Somera-Lozano (2022), na nagpakitang positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa *code-switching* dahil nakatutulong ito sa pag-unawa ng aralin, pagpapataas ng kumpiyansa, at pagpapalawak ng kanilang partisipasyon sa loob ng klasrum. Ngunit, naiiba ang kasalukuyang pag-aaral sa ilang pananaliksik na nagbigay-diin sa mga posibleng negatibong epekto ng *code-switching*, dahil ipinakikita ng resulta ng pag-aaral na sa kontekstong Meranaw, ang multilinggwal na kapaligiran ang nagiging dahilan upang tanggapin at magamit ng mga mag-aaral ito bilang isang natural at epektibong estratehiya sa pagkatuto sa loob ng klasrum.

May nakakuha rin ng mas mataas na antas ng pagsang-ayon, partikular ang pahayag na tumutukoy sa kanilang dinaranas na hirap sa pagpapahayag ng opinyon gamit lamang ang isang wika. Ipinakikita ng resulta na ang paggamit ng higit sa isang wika ay hindi nangangahulugang nagpapakita ng kakulangan sa kasanayang pangwika kundi isang estratehiyang ginagamit ng mga mag-aaral upang mapanatili ang eksaktong kahulugan, lawak, at lalim ng kanilang pagpapahayag kapag hindi sapat ang isang wika upang ganap na maipahayag ang kanilang ideya. Maiugnay din ito sa *Communication Accommodation Theory* ni Giles na nagpapaliwanag na inaangkop ng mga tagapagsalita ang kanilang paraan ng pakikipagkomunikasyon batay sa pangangailangan ng sitwasyon, kausap, ay layunin ng pakikipag-ugnayan. Sa konteksto ng mga mag-aaral, ang paggamit ng Filipino-Meranaw *intrasentential code-switching* ay nagsilbing paraan upang mas maging episyente at malinaw ang pagpapahayag ng kanilang mga kaisipan, lalo na kapag may mga konsepto o damdaming mas madaling maipaliwanag sa isang partikular na wika. Dagdag pa rito, ang *intrasentential code-switching* ay hindi dapat tingnan bilang bunga ng limitadong kakayahang gumamit ng isang wika, kundi bilang isang komunikatibong estratehiya ng mga bilinguwal na indibidwal upang mapahusay ang kanilang pagpapahayag at mapanatili ang kahulugan ng mensahe.

Samakatuwid, ipinapahiwatig ng mga resultang lumabas sa pag-aaral na ang *intrasentential code-switching* ay hindi itinuring na hadlang sa paglinang ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Sa halip, ito ay nagsisilbing tulay upang mapadali ang pag-unawa at mapanatili ang epektibong pakikipagkomunikasyon ng mga mag-aaral sa loob ng klasrum.

4. Konklusyon

Ang *intrasentential code-switching* ay may mahalagang papel sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng klasrum. Lumabas na positibo ang kanilang persepsyon sa paggamit ng *intrasentential code-switching*, lalo na sa pagpapadali ng daloy ng pakikipagkomunikasyon, at pagpapahayag ng ideya kapag nahihirapan sa paghahanap ng tamang termino. Kaugnay nito, ang *intrasentential*

code-switching ay hindi itinuturing ng mga mag-aaral bilang hadlang sa pagkatuto, kundi bilang isang praktikal na estratehiya upang maging mas malinaw, mas episyente, at mas aktibo ang kanilang pakikilahok sa mga gawaing pangklasrum.

Ngunit, ang pag-aaral na ito ay may ilang limitasyon. Saklaw lamang nito ang isang pampublikong paaralan at hindi ito kumakatawan sa lahat ng mag-aaral sa nasabing paaralan. Gumamit din lamang ito ng sarbey bilang pangunahing paraan ng pangangalap ng datos. Dagdag pa rito, nakabatay lamang ang resulta sa persepsyon ng mga respondente at hindi sa aktuwal na obserbasyon o pagsusukat ng kasanayan sa wika. Kaugnay nito, iminumungkahing ang mga susunod na pag-aaral ay gumamit ng mas malawak na saklaw ng respondente mula sa iba't ibang paaralan, gayundin ng kombinasyon ng metodolohiya tulad ng interbyu at obserbasyon upang mas mapalalim ang pag-unawa sa aktuwal na paggamit ng *intrasentential code-switching* sa loob ng klasrum.

5. Reperensya

- Albarillo, F. (2018). Information code-switching: A study of language preferences in academic libraries. *College & Research Libraries*.
- Communication accommodation theory (CAT) | Communication and Mass Media | Research Starters | EBSCO Research. (n.d.). EBSCO.
- Cummins, J. (1981). Bilingualism and minority language children. Ontario Institute for Studies in Education.
- Elias, N. A., Norzaiddi, A. I., Sabri, M. I. I. M., Singh, C. K. S., Uma, N., Ramanlingam, S., & Maniam, M. (2022). ESL learners' perceptions of code-switching in the English language classroom. *International Journal of Asian Social Science*, 12(5), 158-168.
- Gardner-Chloros, P. (2015). Contact and code-switching. Academia.edu.
- Gumperz, J. J. (1982). Discourse strategies. Cambridge University Press.
- Mabule, D. R. (2015, January 9). What is this? Is It Code Switching, Code Mixing or Language Alternating? <https://www.richtmann.org/journal/index.php/jesr/article/view/5628>
- Martin, I. P. (2006). Language in Philippine classrooms: Enfeebling or enabling? *Asian Englishes*, 9(2), 48-67.
- Myers-Scotton, C. (1995). *Social motivations for code-switching: Evidence from Africa*. Clarendon Press.
- Mzeil, A. H. (2025). The deleterious impacts of code-switching and code-mixing among teenagers and secondary school students in the UAE. *International Journal of Innovative Research and Scientific Studies*, 8(3), 1435-1441. <https://doi.org/10.53894/ijirss.v8i3.6819>
- Nolasco, R. M. (2008). The prospects of multilingual education and literacy in the Philippines. In A. Bernardo (Ed.), *The paradox of Philippine education and education reform: Social science perspectives* (133-145). Philippine Social Science Council.
- Poplack, S. (1980). Sometimes I'll start a sentence in English y termino en español: Toward a typology of code-switching. *Linguistics*, 18(7-8), 581-618.
- Psychology, S. (2025, October 16). Vygotsky's Sociocultural Theory of Cognitive Development. Simply Psychology. <https://www.simplypsychology.org/vygotsky.html>
- Somera-Luzano, M. (2022). Code switching in the teaching and learning process. *Journal of Positive School Psychology*. <https://journalppw.com/index.php/jpsp/article/view/11422>
- Tuan, V. (2017). The benefit of using code-switching in teaching English for Lao students doing a course in Vietnam. *Asian Journal of Educational Research*, 5(1), 33-41.
- Villarin, S., & Emperador, E. (2023). Factors, forms, and functions of code-switching on English achievement among Grade 11 students. *International Journal of Science and Management Studies*, 6(4), 1-13.